# Kapag gumugol ang lalaki sa mag-anak niya habang umaasa siya ng gantimpala dito [ni Allāh], ito para sa kanya ay isang kawanggawa."}

Ayon kay Abū Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Kapag gumugol ang lalaki sa mag-anak niya habang umaasa siya ng gantimpala dito [ni Allāh], ito para sa kanya ay isang kawanggawa."}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag gumugol ang lalaki sa mag-anak niya na inoobliga sa kanya ang paggugol sa kanila gaya ng maybahay niya, mga magulang niya, anak niya, at iba pa sa kanila, habang siya ay nagpapakalapit-loob sa pamamagitan niyon kay Allāh (napakataas Siya) at umaasa sa Kanya ng pabuya sa iginugugol niya, tunay na magkakaroon siya ng pabuya ng kawanggawa.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6460

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee